

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 28 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 AGOSTO 2003, IKA- 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY PACLASAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gomar C. Montesa
Konsehal King Phillip B. Dimapilis

Pangamantalang Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:



Vice Mayor Cesar T. Raticos
Konsehal Mac Arlone M. Talens

- Tagapangulo, OB Calapan City
- On Leave

KAPASYAHAN BLG. 066
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG PACLASAN SA PAMUMUNO NI KAPITAN LARRY V. SALAZAR AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKAT ang Ikapitong barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Paclasan na ginanap ngayong Agosto 11, 2003;
- SAPAGKAT ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Paclasan at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay.
- SAPAGKAT ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Paclasan at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;



Kapitan

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Paclasan sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Agosto 11, 2003.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Paclasan at sa mga mamamayan nito ang lauspusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Agosto 11, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Larry V. Salazar para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat 11 Agosto 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA B. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan


PINATITIBAYAN:


RAMIL E. DIMAPILIS
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merzl
081203

 08-21-03